# Program

**PROPOSED MODIFICATION OF MABINI BREAK BULK TERMINAL AND PORT FACILITY OF HOLCIM PHILIPPINES, INC.**

Sea's Spring Resort, Barangay Mainit, Mabini, Batangas

13 July 2018

| TIME | PROGRAM OF ACTIVITIES | PERSON RESPONSIBLE |
|---|---|---|
| 8:00 – 9:00 AM | Registration | Axceltechs Inc. |
| 9:00 – 9:45 AM | Invocation & National Anthem (5min) | Ms. Imelda Illagan<br>Ms. Cynthia Beloso |
| | Opening Remarks(15 min) | Barangay Captain Marilyn Belos of Pulong Balibaguhan |
| | Briefing and Orientation on the purpose of the Public Hearing (10 min) | Engr. Jolo Aragoncillo of EMB Central Office |
| 9:45 – 10:15 AM | Brief presentation on the project description including alternatives<br><br>Presentation of the EIA Study Process and Results | Axceltechs, Inc |
| 10:15 – 12:15 AM | Open Forum | Atty. Aime Rodaje, Public Hearing Officer |
| 12:15 – 1:00 PM | Lunch Break | |
| 1:00 – 2:00 PM | Open Forum (continuation) | Public Hearing Officer |
| 2:00 – 3:00 PM | Recapitulation of issues raised and the proponent's response<br><br>Next Steps | Public Hearing Officer<br><br>EMB Central Office |

# Holcim Mabini Public Hearing Transcription

**Carl Louie Santiago:** Good morning po. Please settle down as we are about to start the program. Welcome po sa Public Hearing ng Proposed Modification of Mabini Break Bulk Terminal and Port Facility of Holcim Philippines Incorporated. Ako po ay ikinatawan ng DENR-EMB Central Office, at kami ang magfa-facilitate for today's activity. So tayo po ay tumayo lahat para po sa ating panalangin at pagkanta po ng ating National Anthem. Ang atin pong panalangin ay pamumunuan po ni Ms. Imelda Ilagan, President of Senior Citizen of Mabini.

(Invocation)

**Carl Louie Santiago:** Tinawagan po si Ms. Cynthia Belloso, teacher from Talaga Elementary School para po sa ating pagkanta ng Pambansang Awit.

(National Anthem)

**Carl Louie Santiago:** Maari na po magsiupo ang lahat. Tinatawagan po si Kapitan Marilyn Belloso, Punong Barangay ng Pulong Balibaguhan para po sa pangbungad na salita.

**Barangay Captain Marilyn Belloso of Pulong Balibaguhan**: Magandang umaga po at mabuhay po sa ating lahat. Sa lahat po mga taga Balibaguhan, sa mga Talaga at saka sa Holcim, magandang umaga po sa ating lahat. Kayo po ay tinatanggap sa bulwagang ito para po sa Proposed Expansion ng Holcim Mabini. Magandang umaga po ulit at maraming salamat.

**Carl Louie Santiago:** Thank you, Ma'am. Acknowledge lang po natin 'yong mga participants for today's activity. So we have Honorable Marilyn Belloso, Barangay Captain of Pulong Balibaguhan; Honorable Arnel Matuloy, Barangay Captain of Talaga East; Talaga Elementary School Teachers and then we representative from Barangay Pulong Balibaguhan and Barangay Talaga East comprising the following: religious sectors, senior citizens, SK councilors and then we also have from Pantawid 4Ps, BNS, PTA federation and especially we have representatives from Holcim, Axceltechs and EMB Central Office, at sa mga hindi ko po na-acknowledge, maraming salamat po sa pagpunta for today's activity. Para po bigyan tayo ng short background and overview kung ano po 'yong objective and purpose po ng ginagawa nating activity for today, kung ano po 'yong layunin nito at kung bakit po natin ito ginagawa, tinatawagan ko po si Engineer Jolo Aragoncillo para i-explain sa atin kung ano po 'yong Environmental Impact Assessment process at kung ano po 'yong objective ng Public Hearing natin today.

**Engr. Jolo Aragoncillo:** Magandang umaga po sa inyong lahat. Good morning po! Maraming salamat po pagdalo po sa ating pong Public Hearing, para po dito sa proyekto po ng Holcim Philippines.

Maraming salamat po sa pagdalo dito sa Public Hearing na 'to, malaking tulong po ang inyong partisipasyon sa ating aktibidad ngayon. Ngayon, siguro, nagtatanong tayo kung ano po bang ang layunin nitong Public Hearing natin at para saan po ba ito. So, ako po ay naatasan na magbigay sa inyo kung ano po 'yong mga gagawin natin sa Public Hearing na ito, kung ano po ba ang layunin nito, kung ano po ba 'yong mga activities na gagawin natin pagkatapos ng Public Hearing. So, ang Public Hearing po ay isinasagawa po natin ngayon ay isa pong activity ng Environmental Management Bureau o EMB. Sa EMB Central Office po kami, representative po kami from EMB Central Office. At ang Public Hearing na ito ay parte po ng tinatawag po natin na Environmental Impact Assessment o EIA. Sa ngayon po kasi, nag-a-apply po for amendment ng kanilang Environmental Compliance Certificate ang Holcim Philippines at isa sa mga kailangan nilang isagawa para sa kanilang amendment ng kanilang ECC ay sumailalim sa tinatawag po nating EIA. So ang Public Hearing pong ito ay parte po ng EIA process po natin at ito na rin po ang public participation. Kung makikita po natin itong chart na ito, sa chart pong ito, ito po 'yong pinaka-chart natin para Environmental Impact Assessment na nagsisimula po doon sa project screening. So, sa Project Screening kailangan po nating alamin kung kailangan ba n'yang sumailalim sa EIA o hindi, so kung sa kaso po ng Holcim, sumasailalim po siya ngayon sa tinatawag po nating EIA. So dumaan na po siya sa tinatawag nating scoping, so kung matatandaan po natin, nagkaroon na po ng Public Scoping dito para po sa proyektong ito na ginanap din po sa dito venue na ito. Pagkatapos ng scoping, para po malaman po kung ano po 'yong pinaka saklaw ng kanilang pag-aaral na kailangan isagawa, doon na po sila magsasagawa ng kanilang paghahanda ng kanilang EIA report. Sa ngayon po, sila po ay nagsumite na ng kanilang EIA report at ito na nga'y sumasailalim na sa tinatawag po nating EIA Review and Evaluation, sa EMB Central Office po ito isinagawa kasama po ang ilan sa aming mga Review Committee, EIA Review Members at pati po mga Research person po mula po sa ibang Government Agency na may concern po sa proyektong ito. So kung titingnan po natin, may mga stages po sa EIA natin na involve po ang public. So, simula pa lang po doon sa scoping, kasama na po namin kayo sa pagsasagawa po ng kanilang Environmental Impact Assessment. So, sa ngayon din po nasa evaluation din po tayo, so ang activity po for Public Involvement sa tinatawag po nating evaluation ay ito po, ito pong activity natin ngayon 'yong Public Hearing. So, pagkatapos naman ng Review Evaluation pati nang Public Hearing, doon siya isasailalim naman doon sa decision making kung i-issue ba ang ECC o hindi, at iyon po ang proseso sa ngayon. So, ang Public Hearing po natin ay ito po ay naka-disensyo para po magkaroon ng pagkakataon na magkaroon ng dayalogo o komunikasyon sa pagitan ng proponent o Holcim Philippines at ninyo po na mga stakeholders at pati na rin po ng DENR, para magkaroon na rin po tayo ng exchange po o palitan po ng mga information at mga saloobin patungkol sa proyektong ito. At ito na rin po 'yong magiging formal process po natin na ini-initiate po ng DENR, para po sa tinatawag po nating EIA. So, ito pong Public Hearing po natin ay nag-se-serve na rin po siyang bilang isang forum po natin para sa proponent at DENR, para maintindihan po namin kung anu-ano 'yong mga values or mga kailangan ng mga community patungkol sa proyektong ito at kung magkaroon man ng maayos na tugon para doon. Since magkakaroon din po ng pagkakataon po na magprisinta ang Holcim Philippines ng kanilang proyekto, isa na rin po itong pagkakataon para maberipika 'yong mga impormasyon na kanilang inilahad sa inyo at kung sakali

man na magkaroon ng alternatibong solution doon sa kanilang prino-proposed na ideas at magkaroon din po tayo ng exchange or validation narin po kumbaga. So, isa nga po sa layunin ng ating Public Hearing ngayon ay ma-inform ang community, ma-inform namin kayo patungkol sa project na ito at kung sa ano na ‘yong nangyayari sa Environmental Impact Assessment o EIA. At saka para maberipika rin po namin mula po sa inyo kung gaano ka-accurate, kung gaano katama ‘yong mga iprinisinta po nilang ng mga datos o mga konklusyon sa pag-aaral, kung ito ba ay tama in relation po doon sa kung ano po talaga ‘yong sitwasyon na nangyayari po sa inyo. Since kayo po ‘yong taga rito, so kayo rin po ‘yong isa sa mga mas nakakaalam kung tama po ba ‘yong kanilang mga prinisinta. At saka since mayroon po tayong dayalogo mamaya, sa open forum din po, para magkaroon na din po tayo ng oportunidad para mailahad ninyo po ‘yong inyo pong mga saloobin, mga opinyon, mga agam-agam patungkol sa proyektong ito at para kungsakali man na magkaroon tayo ng dayalogo, kung tama ba ‘yong mga prenisinta nila or kung paano makakatulong ‘yong inyong mga suhestiyon sa proyekto. So, sana po ay lahat po tayo ay makilahok sa ating Public Hearing ngayon, hinihiram po namin ang inyong oras para po makinig sa prisintasyon po ng Holcim Philippines and at the same time na rin po makilahok din po tayo sa magiging dayalogo mamaya, pagdating po sa open forum. So, muli po, magandang umaga po inyong lahat, maraming salamat po.

**Carl Louie Santiago:** Maraming salamat, Engineer Jolo Aragoncillo of EMB Central Office. So, ngayon po ‘yong sa layunin po ng aktibidad na ito, tinatawagan ko po ang Axceltechs para po iprisinta kung ano po ‘yong Project Description, kung ano po ‘yong detalya ng ina-apply na proyektong expansion ng Holcim Mabini at para po iprisinta na rin ‘yong naging result ng kanilang isinagawa na Environmental Impact Assessment Study.

**Engr. Bernardo Valmonte:** Magandang umaga po sa ating lahat. Ako po si Engineer Valmonte po na ikinatawan po ng Axceltechs Inc., kami po ‘yong kinuha po ng Holcim Philippines para po mag-undergo po ng study. So, from the start po ‘yong Public Scoping hanggang sa pag-study po ng mga modules na ginawa dito sa inyong lugar, nandito na po kami. At ngayon po ay nasa Public Hearing na po tayo, so ipre-present po namin ngayon ‘yong amin pong mga nakita doon sa aming pag-aaral. Ginawa po ito last year pa, kung hindi po ako nagkakamali, sometime April hanggang May or June. Bali nag-aral po tayo sa tao po, sa marine, sa tubig, sa hangin, ‘yon po ‘yong mga pinag-aralan po namin. So makikita po natin mamaya kung ano po ‘yong mga nakita rin namin sa inyong paligid. Umpisahan po natin, ano po ba ‘yong Project Description, ano po ba ‘yong gustong gawin ng Holcim Philippines po sa kanila pong paghingi ng kanilang amendment po ng ECC. So, umpisahan po natin sa kanilang basic Project Information, ang project po ay tinatawag pong Proposed Modification of Holcim Mabini Plant and Port Facility, so ang atin pong lokasyon ay nasa Barangay Balibaguhan, Municipality of Mabini sa Probinsya po ng Batangas. Ang Holcim Mabini po ay nabigyan na po ng ECC, at ‘yan nga po ang kanilang gusto amyendahan. Ang ECC po ay in-issue po sa Universal Plant Corporation taong 1997 at noong 2006 ‘yong ECC po ay na-transfer sa Mabini Grinding Corportion, so as of the moment po ‘yong ECC po ay nasa pangalan po ng Mabini Grinding. ‘Yong area coverage naman po ay hindi po magbabago, ang area pa rin po ay 265,000 square meter po, so hindi po sila

magdadagdag ng area at wala po silang babaguhin. So ang capacity po ng, ito po ang medyo magdadagdag po sila, ang current operation po, ayon po sa ating ECC na nabanggit kanina ay allowed po sila ng 850,000 metric tons per year, pero dahil po sa kanilang expansion na gagawin, gaya po ng pagpapalit ng kanilang makina, pagpapaganda po ng kanilang operasyon, 'yon po ay magreresulta ng pagdagdag po ng kanilang produksyon. So from 850,000 po, magiging 1.2 million po ang kanilang capacity o ang kanilang produskyon taon taon po. So, ang proponent po, ang Holcim Philippines, ang kanila pong opisina ay nasa 7th floor Venice Corporate Center, BGC McKinley Hill. At ang Mabini Project po ay nasa Barangay Pulong Balibaguhan, Mabini, Batangas. Tulad nga po ng sinabi ko kanina, ang Environmental Compliance Certificate po for Cement Break Bulk Terminal and Port Facility was issued po Universal Plant Corporation 1997 at noong 2006 inilipat po ito sa MGC o Mabini Grinding Corporation. Sa kasalukuyan po, 'yong MGC po o Mabini Grinding Corporation ay mayroon pong Lease Agreement sa Holcim Philippines. Ang kanilang lease agreement po ay pinapayagan po nila na ang Holcim Philippines ay mag-construct at mag-install po ng mga equipment at i-operate po 'yong project. So, nakikita ninyo po ngayon dito, naka-date po d'yan 2004, 'yan po 'yong facility, 'yan po 'yong plant wharf receiving unit, taong 2004 po 'yan, 'yan po ay bago pa po nangyari 'yong bagyo na nagkaproblema po ang planta that time, so 'yan po 'yong isa sa mga gustong baguhin ng Holcim Philippines po. So, 'yan din po 'yong Plant Warf po nila, 14 years na rin po 'yan bago po 'yong malakas na bagyo na nangyari. At ito rin po 'yong Storage Facility nila noong 2004 pa rin po 'yan. So, dumako na po tayo sa Project Activities po, 'yong ating pong project will be the rehabilitation, upgrading of existing facilities and replacement of outdated of all equipment. So, mayroon po tayong mga equipment d'yan sa planta na papalitan po ng Holcim dahil unang una po outdated na po, ayaw na gumana, siguro wala ng piyesa tapos nasira kaya kailangan na po nilang i-upgrade, para pong mga bagong kotse po na naluma na wala ng piyesa kaya kailangan natin palitan ng bago. At 'yong rehabilitation po kasama na po sa pagre-rehabilitate, 'yong focus po nila na-improve 'yong Pollution Control facilities ng project. Kaakibat po ng kanilang gagawin na pagbabago sa kanilang mga equipment ay 'yong pagkakabit din po ng Pollution Control Devices po. So, ito po 'yong mga component po ng proyekto, so iyon pong mga binanggit ko kanina, 'yong Surface Feeder po, meron po 'yang Conveyor, so papalitan po nila 'yan ng Eco Hopper. So, medyo magiging hi-tech po ang Holcim dahil lalagyan po ng Eco-Hopper 'yong bandang pier area po natin. 'Yang pong Eco-Hopper na 'yan, kaya po ilalagay 'yan para po maiwasan 'yong dust, 'yan po 'yong number 1 na dahilan kung bakit po 'yan papalitan, syempre po nakikita po natin sa Surface Feeder, maalikabok po 'yan, pagtakbo po ng Conveyor kasama po ang alikabok, so 'yan po ang ipapalit nila ang Eco Hopper, dalawang Eco Hopper po ang ikakabit nila. Magkakaroon po sila ng panibagong Weigh Bridge, at sisimentuhin po 'yong palibot po ng Weigh Bridge. 'Yong una po kaming pumunta d'yan sa planta, ang alam ko po, no'ng nakita po namin, medyo hindi pa po siya simentado. At ito na po 'yong bago nilang Covered Storage po, noong pumunta po ako d'yan butas po 'yong bubong, so ngayon po napalitan na rin 'yong bubong at napaayos po nila, open lang po yata dati 'yan kung hindi po ako nagkakamali, so ngayon po ay closed storage na po siya. Ito po, 'yong sinasabi ko po sa inyo kanina 'yong papalitan po, so nakikita niyo naman po 'yong dating Monitor natin, papalitan po ng mas hi-tech na Process Control System. Ito naman po 'yong tinatawag na Mill Fan using Voith Coupling

Control, so ‘yong nasa kaliwa po ‘yan po ‘yong luma at ‘yong ikakabit po nila ay ‘yong nasa kanan po ninyo ‘yong VFD Control po, papalitan po nila ‘yan para po mas gumanda po ‘yong kanilang sistema. Isa rin po ‘yong kanilang babaguhin d’yan ay magdadagdag po sila ng Cement Dispatch Big Bags Facility, dati po d’yan ay manual palletizing, so isa-isa pong binubuhat po ‘yan, maalikabok po ‘yan, delikado po sa tao po na ating empleyado sa loob, so magkakaroon po ngayon ng Auto-Palletizing, papalitan po nila ‘yang Manual Palletizing. At ‘yong pong pinakabuod po ng kanilang gagawin ay ‘yong grinding po nilang gagawin, ang babaguhin po nila ay ‘yong Mill Separator po, nasa taas po ng Grinding Facility nila ‘yan, so from 120 tph magiging 140 tph po siya. ‘Yong pong bandang baba po ng Grinding Facility nila ay tinatawag po nating Table Motor, so kung makikita niyo naman po medyo talagang luma na, so papalitan po nila ‘yan ng new model. ‘Yong pong Gear Box, papalitan din po nila ‘yan, sa baba din po ‘yan magiging automated na po. At ‘yong kanilang Cement Mixer po, ‘yong picture po dito sa kaliwa medyo jurasic na po, so pupunta po tayo doon sa millennial. So ‘yon po ‘yong buod ng kanilang gagawin, nakita po natin ‘yong mga outdated na mga equipment, mga pasilidad po nila, babaguhin po nila lahat ‘yon at magreresulta po ‘yon ng mas maganda pong sistema at operasyon.

So, dumako naman po tayo, nabanggit po namin kanina na nag-study po tayo sometime a year ago, mga April po ‘yan. So, ilalahad lang po namin kung ano po ‘yong nakita namin sa study, ang ating pong layunin dito ay makita niyo po kung ano po ‘yong estado po ng inyong lugar po sa ngayon. So sa water quality sampling na ating ginawa, makikita niyo po d’yan ‘yong mapa, so mayroon po tayong tatlong water quality station po. Mayroon po tayong ground water, mayroon po tayong marine water, tapos kumuha rin po tayo ng deep well. So kabilang dulo po ’yong MW1 na ibig sabihin Marine Water 1, sa kabilang dulo naman po Marine Water 2, tapos kumuha rin po tayo ng Ground Water Stations din po at pati rin po may Deep Well, malapit sa highway natin. So, ano po ‘yong nakita doon po sa ginawa nating pag-aaral, resulta ng pag-aaral sa kalidad po ng ating tubig. Ayon po doon sa laboratory na ating kinuha lahat ng parameters po na tinest mula sa water samples na kinolekta ay walang naitalang paglagpas sa Class SC Guidelines para sa Marine Water Quality at Class C Guidelines para sa Ground Quality, ‘yan po ay itinakda ng DENR Administrative Order 2016-08. Pangalawa po, isa ito sa indikasyon ng kasalukuyang operasyon ay may minimal na impact sa kalidad ng tubig at ang kanilang mga mitigating measures na ginagawa, inimplement ay epektibo po. Ang proyekto po ay hindi magdi-discharge ng effluent na magmumula sa planta sapagkat ang proseso pong gagamit ay ‘yong dry method. Ang tubig na ginagamit para sa pagpapalamig ng mga equipment ay ipinapaikot po, ‘yong closed circuit po na tinawatag sa buong sistema, so wala po siyang discharge. At ang planta ay may epektibong drainage system din po na regular na mini-maintain ng kumpanya. So, natapos po tayo sa water, ang sunod po naman na ipapakita po namin sa inyo ay ‘yong noise quality sampling station map natin. So, mayroon po tayong apat po na ginawa nating istasyon para po sa monitoring po ng noise o ng ingay. So, mayroon pong isa sa may Talaga East, mayroon po sa may parking area ng mga truck, at isa rin po doon sa may main gate, at isa po sa may guest house po. At ang resulta po ayon po doon sa ating laboratoryo, ang ating noise level sa may guest house, parking area at doon sa planta ay naaayon sa standard na itinalaga ng batas para sa heavy industrial. Ang ginawa pong pagsa-sample po ay may umaga, tanghali at sa gabi. Sa may Barangay Talaga East at sa Barangay Pulong Balibaguhan station, ang naitalang noise levels po ay mas mataas po sa itinalagang standard para sa mga kabahayan na nasasakop sa institutional zone. At

ayon pa rin po sa CRL, ang paglagpas ng standard ay nagmula sa ingay na maaaring galing po sa hayop, sa mga dumadaang sasakyan at sa lakas ng hangin. Pangatlo po 'yong air quality naman po, sa air quality naman po mayroon po tayong limang istasyon po, ang original po d'yan ay 'yong apat lang po, dalawang nasa baba at 'yong dalawang nasa taas, pero ang Axceltechs po ay nagdagdag po tayo ng isang istasyon pa po sa may Talaga East, so naging lima po 'yong istasyon na kinuha natin, para po ma-cover po talaga natin kung ano po talaga 'yong sitwasyon. So, 'yan po 'yong resulta, ang mga naitalang data sa monitoring simula 2014 hanggang 2016 ay isinama po sa pag-aaral. Sa lahat ng sampling na ginawa ang lahat ng parameters tulad ng TSP, $PM_{10}$, $SO_2$ at $MO_2$ ay naaayon sa itinalagang datos ng National Ambient Air Quality Standard. Nagkaroon din ng sampling noong April 18-26, 2017, ang ating CRL 'yong laboratory po natin at ayon po sa resulta ng sampling lahat ng parameter ay ayon pa rin po sa National Ambient Air Quality Standard. So makikita po doon sa ginawang pag-aaral na 'yong hangin po ay nasa magandang kalidad pa rin po. Susunod po natin ay 'yong suri naman po sa laman dagat, marine ecology system po. Ang una po nating ipre-present ay 'yong line-intercept survey features po, so nagkaroon po tayo ng 2 istasyon po pagdating din po sa marine ecology risk assessment po. Isa po sa may bandang harap po ng Holcim Philippines at 'yong isa po ay sa bandang northeast. So ang nakita po sa station 1 ay 'yong average live hard coral cover po meron po s'yang 2.4%, so poor na po 'yan at mayroon pong few massive corals at 1.8%. At significant widespread sand/silt na lang po ang makikita doon po sa may tapat ng Holcim Philippines, 79.8% po siya, so almost 80%. At doon naman po sa station 2, 'yong live hard coral cover po meron pa po s'yang natitira na 27.8%, so ibig sabihin po medyo maganda maganda po siya. 'Yong few massive corals, dominant po siya at mayroon pong 13.8% at ang significant dead corals with algae, 'yong ating pong nakita ay nasa 28.2%, so marami na po siyang dead corals at 'yong silt/sand naman po 22.4%. Ito po 'yong close-up po no'ng nakita po ng marine scientist po, so 'yong nasa taas po ay 'yong corals found in station 2, 'yong nasa baba naman po ay coral found in station 1, so may mga divers po tayo na pumunta sa ilalim at pinicture-ran po nila 'yang mga 'yan para po maipakita po sa atin. Pangalawa naman po ay 'yong fish visual census features, so 'yan po 'yong mga makikita po natin sa station 1 at station 2, so mayroon pa pong mga isda. 'Yan naman pong mga nasa picture po natin ngayon ay mga laman dagat po, pero hindi po kasama po 'yong gulong sa dagat, hindi po natin alam kung nagkaroon po ng project po ba d'yan at nilagyan gulong as artificial na pwedeng gawin pong tirahan ng isda. So ito naman po 'yong macro-invertebrates po, so nagpalit po tayo ng istasyon at dito po sa may Talaga East po ang station. So, tapos na po tayo sa air, water at sa marine po, so ito naman po 'yong ginawa po natin para sa social o sa mga tao. Nagkaroon po tayo ng FGD o Focus Group Discussion, dalawang barangay po 'yong pinuntahan natin d'yan para po makuha po namin 'yong inyong mga inputs. So, mayroon po tayong Talaga East at mayroon din po sa Balibahuhan, 2 area po 'yong aming pinuntahan, para po makuha po natin ang baseline study. At nagsurvey pa rin po kami no'ng panahon na 'yan, so mayroon pong ginawang survey po ang kumpanya, ang Axceltechs po, at ito po 'yong survey form na ipinamahagi po at 'yan po ay finill-up-an ng mga napuntahang lugar. For your information po, ang nagparticipate po dito ay Barangay Balibaguhan, 'yong Talaga East po ay hindi po sila pumayag po na magkaroon po ng survey sa kanila, so hindi po namin alam kung ano 'yong kadahilanan po, pero nag-conduct po kami ng survey at ang pumayag po ay ang Barangay Pulong Balibaguhan. So, doon po sa ginanap na survey, that was March 2017, ito po 'yong lumabas sa survey. 83% ang hindi po alam ang proyekto o 'yong pinaplanong proyekto po ng Holcim. At mayroon na pong 12% na nagsasabi naman po na alam nila 'yong plano ng Holcim na pag-expand. Sa epekto naman po sa ekonomiya sa komunidad, 32% po ang nagsasabi pong mayroon positibong epekto sa community, mayroon naman pong nagsasabi na 24% na negatibong impact

naman po ang proyekto sa kanilang komunidad at mas malaking porsyento po, 42% ay hindi po nagbigay ng kanilang sagutan. So, isunod po natin 'yong maaring epekto ng proyekto at kaulang soslusyon po na sina-suggest po ng Holcim po. So, epekto po sa tubig, kanila pong nakikita nag polusyon sa tubig at kontaminasyon po ng lupa at ang nakikita pong solusyon ng Holcim ay pag-monitor ng waste ng paggamit ng angkop na lalagyan para maiwasan po ang mga kontaminasyon at tamang pagtatapon at treatment ng hazardous waste sa mga accredited po na mga kumpanya transporter/treater po ng DENR, 'yong mga nagbibigay po ng serbisyong ganyan, so 'yan po 'yong kanilang nasa isip, actually ginagawa na po 'yan. At pag-implement at paghihiwalay ng basura, 'yan po 'yong sa MRF po 'yong sa nabubulok at hindi nabubulok. 'Yong pagkasira naman po ng kalidad ng tubig dagat, ang kanila pong nasa isip ay 'yong regular na pag-inspect sa kanilang mga waste water pollution facilities po at pagmementena at pagtanggal ng mga silt, 'yong mga maliliit pong mga lupa na nasasama po sa tubig at paggawa po ng oil at grease trap po, 'yan po 'yong pagdaan po ng tubig, maiiwan po 'yong oil and grease, so i-maintain po nila 'yan pero mas masinsin po mga dalawang beses sa isang taon or pwede po nilang gawin 'yan ng mas maiksing panahon kung kinakailangan po. At 'yong implementastyon po no'ng emergency preparedness nila and response for oil spills, so mayroon po silang mga bagong dumadaong sa kanilang port so 'yan po 'yong kanilang solusyon. At epekto naman po ng tubig, aksidenteng pagtagas ng krudo o langis magdedevelop po sila ng oil spill contingency plan at patuloy din po 'yong gagawin na training sa kanilang mga empleyado at magpapatupad din po sila ng polisiya na i-impose 'yong no shipboard waste disposal, so hihigpitan po nila 'yong pagpo-police po nila. At 'yong naman pong kompetisyon sa supply ng tubig, ang modification ng planta ay hindi po magbabago po, so wala pong increase sa consumption po ng tubig, so kung ano po consumption dati 'yon pa rin po consumption nila kapag ginawa po ang ating expansion. At 'yong naman pong tungkol sa hangin, polusyon sa hangin sanhi ng plant operation, ang pag-monitor ng ambient air quality at pangalawa po 'yong polusyon sa hangin sa ibang proseso, 'yong SOx, NOx, Co and particulates, tamang operasyon at pagmentena ng pollution control devices. Pormulasyon din po at implementasyon ng motor maintenance program at emission testing at tulad nga po ng sinabi kanina 'yong pagmo-monitor po ng ambient air quality. At kontribusyon naman po 'yong sinasabi nating climate change mula sa greenhouse gas emissions, sila po ay magi-implement at magma-maintain po ng greenhouse gas inventory program po at magi-implement din po ng greening program tulad ng pagtatanim po sa area. At sa epekto naman po ingay naman, ang suggestion po ay inkorporasyon po ng noise criteria sa spesipikasyon at seleksyon ng equipment kung tama po ba at 'yong gagawa po sila ng programa ng pagtatanim po ng puno na magsisilbi pong buffer zone po 'yan. Ito naman pong epekto sa tao, epekto sa kalusugan dahil sa paglanghap ng alikabok, magsasagawa po ng regular maintenance doon sa mga equipment po sa planta at lalong lalo na po sa mga pollution control devices. Magsasagawa rin po sila ng routine monitoring kung effective po ba 'yong mga nakakabit na pollution control devices. At doon naman po sa exposure sa health at safety hazards, bumuo po sila ng complaint desk para po matutukan po 'yong mga hinaing ng publiko at 'yong implementasyon din po ng Environmental Management Program and Safety and Health Program, so magi-implement po sila ng panibago. So ang susunod naman po ay ang major-long term impact po tungkol po sa mga tao, pagkakaroon ng ng local na benepisyo sa proyekto, ang pagtaas ng kita ay maaring dulot na pagtaas din sa gastos, pagkakaroon ng oportunidad sa pangangailangan sa supply sa ng bilihin at mga serbisyo na nagsasanhi ng pag-unlad ng community o barangay. Mayroon din pong introduksyon ng bagong economic activities at pag tatayo ng panibagong mga business ay mag reresulta sa pag taas ng kita ng LGU mula sa buwis. So ang solusyon po nila ay koordinasyon sa Barangay at Munisipyo para ma sigurado ang tamang zoning ng

proyekto, kaayusan, kapayapaan, sanidad at pamamahala ng basura. At siguraduhin ng Holcim Mabini ang pag babayad sa karampatang buwis para po makatulong din sa community at sa LGU po. At mago-offer ng training opportunities sa mga business at livelihood development at management. So, salamat po sa inyong pakikinig.

**Carl Louie Santiago:** Thank you po Engineer Valmonte. Ngayon po para po sa ating open forum tinatawagan po natin si Attorney Aim Mondale from our EMB Central Office Legal Division. So siya na po ‘yong magdi-discuss sa inyo kung ano po ‘yong house rules natin at kung papano po i-fa-facilitate ‘yong open forum. So maraming salamat po.

**Atty. Aime Rodaje:** Magandang umaga po ulit sa inyong lahat. Napakinggan po natin ang proyekto po ng ating proponent at ngayon po ay binibigyan namin kayo ng pagkakataon para ilabas po at sabihin kung ano po ang nasa saloobin ninyo, ‘yong mga issues po, mga concerns na gusto ninyong ipaabot sa ating proponent at ngayon po ay sasagutin po nila sa abot ng kanilang makakaya. So, ito po ‘yong dapat nating tandaan, sa open forum po natin, kailangan panatilihin po natin ang kaayusan, bawal po magsigawan, bawal po ‘yong gumamit ng mga bad words kumbaga. Dapat po kung sakali man na ‘yong tanong ninyo po ay naitanong na po ng iba, ‘wag na po nating sabihin o itanong, ‘wag na po nating ulitin, para po mabigyan po natin ng chance ‘yong iba, kasi marami po tayon ngayon baka po abutin tayo ng alas sais ng gabi, maliwanag po ba ‘yon? Kung sino po gusto magtanong, paki-introduce po ang sarili, sabihin po ang inyong pangalan, kung ano pong organization ang inyong nirerepresenta at ‘yong tanong niyo na po.

**Mr. Elmer Gloriane:** Ang concern ko po bilang ako ay isa sa mga senior citizen at purok leader po ng aming Barangay Talaga. Ang gusto ko po ay ‘yong hindi na po tayo magplastikan at magtapatan na po tayo ng maayos. Sapagkat matagal na po naming inirereklamo ang problemang ito, ang problemang ito ay ang alikabok. Tuwing mago-operate ang planta, talaga hong nangangain po kami ng alikabok. At ayon po sa sinasabi ng kumpanya, ginagawan daw ho nila ng solusyon ito. Pero ang hamon ko sa kanila, subukan po nilang tumira sa aming barangay, sa aming sitio sa may bukuna kahit po isang beses sa isang linggo na nago-operate po ang Holcim magdamag at makikita po nila ang alikabok sa aming mga bintana, sa aming mga jalousy, sa aming mga plato, sa mga baso at nang maintindihan po nila kung totoo ho ang kanilang sinasabi o kami ho ang nagsasabi ng kasinungalingan.

**Engr. Alex Garcia:** Bilang sagot lamang po sa inyong katanungan, ‘yong pong proyekto na inilahad namin sa inyo, laman po noon ay ang pagtugon sa dust pollution. Kung inyo pong napansin ‘yong pong eco-hopper na tinatawag na nadoon po malapit sa pier kung dati po ay surface feeder at direktang bumabagsak sa clinker, ngayon po eco-hopper na ‘yong nakalagay doon na pinag-aralan po ng aming kumpanya na siya ang dapat gamitin upang maiwasan na po ‘yong dust. ‘Yong pong paligid po ng eco-hopper ay may dust collection, so kapag po binagsak natin ang clinker hinihigop pa niya ‘yong alikabok. Kung napansin po ‘yong process control system, in-upgrade na rin po ng Holcim, ang dulot po no’n magiging more stable ang operation ng grinding process, para hindi po magdulot ng abnormalities sa ating paggri-grind. ‘Yon lang po ang dalawang halimbawa, para ho ma-verify or ma-check ang kumpanya, mayroon naman po tayong quarterly monitoring, required po ng EMB na mag-submit ng monitoring report, ‘yong SMR, kung saan po mine-measure ng third party at hindi po ng Holcim, authorized third party ng EMB para po kumuha ng samples sa hangin, kalidad ng hangin at sa ingay. At masasabi po namin na lahat naman po ng SMR natin ay pumapasa naman. Pero sa isang

operasyon ho, maging tapat na po tayo sa isat-isa, in any manufacturing po wala naman po talagang 100% efficiency, dinadaanan din po ng problema. Ang masasabi lang po namin sa ilang pagpupulong po namin sa planta ng senior, ng Talaga, ng pamunuan ng Barangay noong panahon ni Kapitan Garcia, binigay po namin 'yong commitment namin at hindi po kami magdadalawang isip na magkaroon ng abnormality at hindi naman kayang apulahin agad-agad, we go to the extent even stopping the operation at ito ho'y naipakita na rin na ilang beses ho, sa clinker po kapag nagu-unload kapag nagkakaproblema, inihihinto po namin at even po sa grinding, kahit po kailangan ng simento o tapos may kaunting problema na hindi po namin matugunan kaagad para hindi po lumala at maapektuhan kayo inihihinto po namin. So, 'yon lang po.

**Barangay Captain Arnel Matuloy:** Sa mga Holcim po, sa mga taga DENR at sa lahat ng nandito, maganda po umaga. Ang aking katanungan ay karugtong ng tinanong ng aming kasama na si Elmer Gloriane, kanina po'y sinasabi ng lalaking nag-present na 'yong kanilang eco-hopper ay yun daw po ang ipapalit which is existing at sinasabi po'y solusyon sa alikabok pero bakit pa rin naghihirap ang mga taga Talaga East? Dahil existing na po 'yon eco-hopper at maalikabok pa rin. Unang una po, disiplina sana, 'yong mga dumadating na kargamyento hindi na pa napapasok sa bunganga ng hopper may alikabok na. At 'yong sinasabing ninyong monitoring po, sino po ang magmomonitor, kapag within your company paano po 'yon lahat okay? At saka po 'yong sinasabi ninyong kapag may alikabok tigil ang operasyon at kapag may sira tigil din sa operasyon e hindi naman tuloy-tuloy pa rin kayo. So paano po 'yong ipapalit na existing na?

**Engr. Alex Garcia:** 'Yong eco-hopper ay existing. Baka po nagkamali lang po ng pagsasalita kanina.

**Barangay Captain Arnel Matuloy:** Atty, abogado ho kayo di ho ba? Sino ngayon ang nagsisinungaling? Ipapalit ang eco-hopper eh existing na.

**Atty. Aime Rodaje:** Sir, hayaan na po muna natin siyang sagutin ang sagot ninyo. Ang tanong ni sir ay kung ang eco-hopper ay existing na.

**Engr. Alex Garcia:** Opo, sinagot ko na po, existing na po.

**Barangay Captain Arnel Matuloy:** Eh 'yong sinasabi kanina 'yon daw po ang ipapalit.

**Engr. Alex Garcia:** Baka po nagkamali lang po ng pagsasalita kanina.

**Barangay Captain Arnel Matuloy:** Kayo po kami'y hindi magkapagpigil kanina na magkaroon ng katahimikan ay inihihingi po namin ng paumanhin. Sapagkat 'yong pinapakita po nila'y walang katotohanan. Hindi naman po totoo 'yong sinasabi nila, mali ang prinipresenta nila, hindi sila prepared.

**Atty. Aime Rodaje:** Sir, lahat naman po ng mga comments niyo dito ay ico-consider naman po 'yan sa review process so 'wag po kayong mag-alala, sir. 'Yong pangalawang tanong ni sir, 'yong regarding doon sa kawalan ng disiplina sa unloading.

**Engr. Alex Garcia:** Ito po 'yong isang bagay na napag-usapan narin namin sa planta. Kami po ay nag-usap at nagkasundo na titingnan din namin ang aspetong ito, sapagkat tama rin naman no, procedural din, maaaring may pagkukulang 'yong naglalagay ng clinker kaya po tinutukan ng grupo ni Ronald na whenever may unloading, kasi 'yong disiplina alam naman natin sa tao challenge 'yon.

But, sang-ayon ako na ang problema kapag minsan ay nanggagaling din sa kakulangan sa disiplina. Kaya po tinutukan namin at inatasan namin ang aming port officer na during may unloading talagang nakatutok at may komunikasyon at koordinasyon sa planta. Pero balikan po natin 'yong eco-hopper baka hindi po natin naintidihan kaya hindi po natin na-appreciate ang eco-hopper. Kapag sinabi po nating eco-hopper, eco means ecology or environment. So 'yong eco-hopper po na 'yon ay nag-invest po ang company, hindi po siya mura, may kahalagahan, kapalit nung mga pinakita po kanina na mga mga surface feeders, na kung saan ay talagang stand alone lang na hopper kung saan babagsak ang clinker. So, 'yong eco-hopper kaya po siya tinawag na eco-hopper ay dahil environmental friendly siya kasi mayroon siyang built-in dust collection system. Hindi lang po sa hopper sa paligid pati po doon sa conveying system. So, nag-invest po ang company ng dalawang unit ng eco-hopper at i-upgrade rin po 'yong conveying system. So, 'yon po, 'yon ho ang katotohanan, tumugon po ang company, minadali po ang project para po matugunan ang issue dito sa alikabok na inilalahad sa amin.

**Atty. Aime Rodaje:** 'Yong sagot po ni Sir, i-no-note naman po lahat 'yon, kasama po 'yon sa review process, wag po kayong magalala.

**Kagawad Demson Maramot:** Magandang umaga po sa kasamahan po natin. 'Yong pong itatanong ko at sasabihin ay karugtong din no'ng kay Pangulo. Kasi kung natatandaan ninyo nung dati na dito rin yata ginanap, noong huling meet natin, kung magpapalit kayo ng mas malalaking makina at sinabi niyong may i-improve. So kung bakit ako nagtanong? Kung natatandaan ninyo, ito ba'y makakaapekto sa mga Barangay Talaga? Kasi d'yan sa amin at ito ay gumagana. At ako ay humiling sa pamunuan ng Holcim na kung pwede kapag i-o-operate ninyo 'yong bagay na inyong ikinabit ay kung pwede naming makita. At para makita namin kung paano po ba, kung may natatapon ba d'yan iyon po hiniling ko sa inyo subalit nakakasama din lamang po ng kaunti ng kalooban dahil hindi ninyo kami pinagbigyan kaming ho sa pamunuan ng Barangay Balibaguhan at sa Barangay Talaga. Na saan po ang inyong tugon sa bagay na iyon? Salamat po, magandang umaga.

**Engr. Alex Garcia:** So dalwang punto ang nasabi, sa punto naman po ng pag-upgrade ng facility na maaaring magdulot pa ng mas malalang sitwasyon sa ating alikabok, 'yon nga hong pag-upgrade na 'yon ay patukoy sa pag-address sa alikabok. 'Yong mga nabanggit po nating mga equipment ay hindi po directly na tumutugon sa alikabok pero ginagawa niya hong mas stable iyong operation namin. Kasi ho ang pagpapatakbo ho ng planta, 'yong control dapat ho seemless ang operation, so may nga equipment po kaming inilagay para ho gumanda ang takbo and indirectly magbunga po ng maganda sa environment. Pangalawa, doon po sa para maipakita 'yong planta, paumanhin ho wala po ako sa pagpupulong na iyon, subalilt ang aking natatandaan no'ng nagusap kami ni Pangulong Arnel Sa planta ay talagang ine-encourage namin ang taga Balibaguhan at Talaga East na bumisita po sa amin kapag po may unloading sa amin. Para po makita po natin pare-pareho kung ano ho ba talaga ang estado ng operasyon. Huwag ho kayong magalala Baka ho makabuo tayo ng agreement, para po makita ninyo ang planta at ma-appreciate ninyo at makita ninyo kung papano kami nago-operate.

**Mr. Elmer Gloriane:** Pagbigyan ninyo ang aming pong hinihiling na kayo po ay magbisita rin kayo ng bahay-bahay.

**Atty. Aime Rodaje:** Sir, noted po 'yan.

**Kagawad Demson Maramot:** Hingi lang ako ng pasensya kay Sir. Kasi maalala ko pala nagpalit pala ng plant manager, kasi ang dating kausap namin ay si Mr. Sony Cruz, kung hindi po ako nagkakamali. Kaya ako'y humihingi ng paumanhin kung wala ho kayong natatandaan sa pinag-usapan po. Salamat po.

**Atty. Aime Rodaje:** Makikipag-coordinate na lang po sa inyo 'yong proponent para po sa suggestion ninyo. May iba pa pong tanong? Aside po sa dust? Kasi na-discuss na po natin, para hindi po tayo umuulit.

**Ms. Amie Garcia:** Magandang umaga po lahat. Ang concern ko po is the presentation of the data na nakalagay lahat doon, ang tanong ko lang sa nag-present sa slides na 'yon, kaninong data ang source. Kasi hindi po namin masasabi na normal ang inyong data because it is pollutants isn't it? Pollutants po 'yon, kaya doon ko lang po gusto magbigay ng reaction, bakit normal lahat ng values? Sinong nagbigay ng data? Kasi po may mga samples ako na mga dust talaga na nakuha ko morning, afternoon at evening. Papaano magiging normal? Eh may kasama pong dust talaga, simento talaga. May samples ako, noon pa 'yan. That is 2014 Ma'am and until now gano'n pa rin ang itsura ng alikabok at nalalanghap namin na mga taga Talaga East, kasi apektado ho talaga kami.

**Engr. Czarina Olores:** Magandang umaga po sa inyo. Ako po si Czarina from Axceltechs. Ang nag-conduct po ng sampling ay ang CRL Laboratory po. Calabarquez, CRL Calabarquez at sila po ay accredited laboratory po ng DENR, third party po hindi po sila connected sa amin at hindi rin po sila connected sa Holcim.

**Ms. Amie Garcia:** Saan kinuha 'yong samples na 'yon?

**Engr. Bernardo Valmonte:** Ipapakita po namin 'yong sampling sites po.

**Engr. Czarina Olores:** Dito po nagsampling sa may gate at sa taas po sa may accommodation po nila sa taas tapos dito po sa may Talaga East. Bali po sa labas po ambient po ang kinuhanan hindi po sa loob mismo ng planta, doon po sa community sa labas. Nagkaroon din po tayo ng sampling station sa may parking lot po, doon sa may labas.

**Ms. Amie Garcia:** Ah, sa labas. Kasi I'm just wondering bakit naging normal 'yon? Kasi ang nawawalis ko sa umaga, hapon at tanghali ay talagang may simento. At mayroon pa po akong samples no'n Ma'am sa bahay namin, until now, inipon ko talaga 'yan.

**Engr. Czarina Olores:** Mayroon po kasing standard po na sinasaad ang batas kung gaanong karami ho dapat na makuha na sample para sabihin na nag-exceed po.

**Ms. Amie Garcia:** Ah, so may percentage? Pero 100% na may kasamang dust 'yon o simento.

**Engr. Czarina Olores:** Mayroon po kasing nakatala na standard, for example sa tubig, mayroon din pong nakatalang standard 'yong batas para sundin natin kapag po 'yong result ng sampling ay mas mataas doon sa itinalang standard ng batas ibig sabihin po ay nag-exceed tayo, pero kung hindi po tayo lumagpas sa doon sa standard ng batas hindi po natin masasabi na nag-exceed tayo kasi within the standard po kasi tayo. Ang standard po kasi dito is 'yong sa industrial.

**Ms. Amie Garcia:** So you are saying Ma'am, na normal 'yong nakukuha naming dust?

**Engineer Czarina Olores:** As per the CRL Laboratory Result po, within the standard siya. Ma'am, bali hindi ho namin sila kayang diktahan din kasi they are third party, so hindi sila connected sa amin or sa Holcim. Sila po ay kinokontrata para po mag-conduct po ng sampling, they are accredited by DENR.

**Jay Ilagan:** Magandang umaga po sa lahat. Kasi po Ma'am, medyo naguguluhan po si Nanay, nagsasalita kayo ng standard pero hindi ninyo sinasabi 'yong value. 'Yong sinasabi ninyo kasi Ma'am, ito 'yong tinawatawag na National Ambient Air Quality Standard. So 'yan po Nanay ay may value po tayong tinatawag which is ang normal po na value, 'yong $PM_{10}$ po na kanilang tinawag mayroon po tayong value na 150 µg/$m^3$, tama ba? So, ibig sabihin po kapag po ang monitoring nila at 'yong PM censor nila ay inilagay nila doon sa pinakita nilang mapa, e nagkataon na hangin po ay palayo doon sa mga censor wala po talagang made-detect 'yon. Ngayon po, kaya po ako nagsasalita ng ganito kasi mayroon po kaming prototype na censor, 'yong $PM_{10}$ at $PM_{2.5}$. Nagpatakbo po ako n'yan sa Balibaguhan ng dalawang linggo, at nakita ko po 'yong level ng pollution lagpas po doon sa 200. Kapag po sinabi po nating 200 µg/$m^3$, 'yon po ay hazardous na. Ngayon po, ito po ay para sa DENR ba o doon po sa nag-test, kung ang test niyo po na sinabi ay April last year, posible po na ang hangin no'n ay hindi dadaan doon sa mga censor na inyong inilagay, posible po 'yan. Kaya po ang resulta, Nanay ng kanilang pag-aaral ay puro standard na values. Ngayon, ito naman po ay para sa Holcim, sinasabi ninyo po na para po kayo ay maka-comply sa DENR-EMB, iginagalang ko naman po ang inyong proseso, pero po may suhestiyon, kung sinasabi ninyo po na kayo po ay nagco-comply at inyong sina-submit na data is based on your quarterly monitoring, I don't think it is appropriate, because kung ang inyong operation is 24/7 your monitoring for PM censor monitor should be static in the place where the plant's located and should be monitoring 24/7 to get the average. Because sa IRR ng Philippine Clean Air Act of 1999, sinasabi po ninyo na ang air quality model po ninyo should run for 24 hours in the next 30 days consecutively to get the average. Ngayon po kung ang averaging po ninyo ay quarterly lang I don't think na the value is appropriate. So ang suggestion ko d'yan, nakita ko po sa San Miguel Corporation, mayroon po silang ganito sa kanilang planta, nakalagay po sa website nila 'yan, mayroon po silang air quality, tapos nakalagay po doon kung health or hindi healthy. Bakit hindi po kayo 'yon i-implement ng Holcim, kahit po sabihin natin na medyo may presyo 'yon mga censor, nai-mo-monitor po ang hangin 24/7, accessible by the EMB, para ma-check natin. Para po masolusyunan po natin 'yong mga issue no'ng kay Pangulong Arnel, 'yong mga konsehal dito, at saka 'yong kay Nanay na nakikita 'yong alikabok ay mabigyan po ng aksyon.

**Engr. Alex Garcia:** Noted po ang suggestion.

**Atty. Aime Rodaje:** Sir, Noted po ang suggestion niyo isasama po naming yan sa review process. Meron pong mga binigay sa inyo na bond paper so kung nahihiya po kayo magsalita pwede niyo pong isulat para po maacknowledge namin.

**Mr. Roel Matuloy:** Follow up lang po to tungkol doon po sa nag survey, Anong kompanya po yun? Yung CRL po. Regarding sa question ni Ma'am Annie Garcia and Sir Ilagan,very well said po Mr. Ilagan, Salamat po. Noon pong nagconduct sila nang air pollution control ako po ay talagang katabi nung makina na ginagamit nila yung apparatus. Pinuntahan po namin dahil nag alalay ang operator na makipagtulungan e hindi sila nakapagsabi sa barangay so pinuntahan po namin, Ako nga po pala si Roel Matuloy, secretary po ng Talaga East.Noon pong kinonduct nila yung makina na sinasabi nila na pangcheck ng air pollution yoon po ay hapon naambon walang operation ang barko at doon po sa

sinabi ni Mr. kanina na puro hayop ang naririnig ay tama po may baka po sa tabi totoo po yun. Pero po yung pag conduct po nila ng pagchecheck ng pollution. Wala pong operation, hapon at naambon katabi ko po mismo ang makina e ano ang makukuha natin doon puro negative. Yun lang po. Salamat po.

**Mrs. Leona Tabuzo**: Magandang araw po kapitana at dito sa namamahala ng pagpupulong. Ako po ay si Leona Tabuzo taga Talaga East ito po ay ako po naroon sa munisipyo nag uusap kami ni kagalang galang na Mayor at eksakto po naroroon ang DENR. Sabi sa akin ni mayor andito ang DENR makipag usap ka. Ayun po, ako ay nakipag usap sinabi ko ang aking nararamdaman at damdamin sa aking sarili kaya po ako nandito at nagkalakas loob ako magsalita dito, sabi sa akin ng DENR nakalimutan ko po ang pangalan niya at kung anong date kami nag usap sabi po nung DENR pag may pag pupulong diyan sa inyo ikaw ay magsalita at sabihin mo kung ano ang nararamdaman ninyo diyan sa inyong lugar. Ito po nadinig ko ang sitwasyon diyan sa mga makina at sa abog. Ngayon po ay hindi niyo alam kung ano po naman ang isa pang problem namin diyan, ang akin pong bahay, na marami pong kabahayan ay katabi po siya nung pier kayo po ay sumigaw at madidinig niyo ang sigaw ng bawat isa, ang akin pong problema pag may barko ugong po yan ng ugong araw gabi at doon po hihinto na malaki na dalawa at nagsasalin po doon ng alikabok na sa amin pong harap ay talaga pong parang may ulap na doon sa amin. At yung isa pa po ay magdamag na at wala silang pinipiling oras. Bigla na lang pong may uugong sa amin. E kung kayo po ay nakahiga sa inyong papag na higaan ay bigla po kayong mahuhulog. Aba ay nakakagulat e. Ang isa pa po ay ang dagungdungan na iyong maririnig, kayo ba ay natutulog sa inyong bahay, dagundong. Biglang darating ang barko at bigla na lang magsisilbato. At talaga naman kayo ay pumunta sa amin at madidinig niyo lahat. Ang isa pa po ang pinag uusapan po ay dagat maliligo po kami makikita naming itim ang dagat, aba, yung galing sa aming katawan andoon palutang lutang, hindi kaaya-ay samantalang kami noon ang ligaya mamasyal sa tabing dagat., ngayon e ano ang aming kalagayan ngayon? Yan, yan po ang aking nararamdaman kaya. Pinayagan yan mas malala ang nangyari sa amin. Ang balita ko may pinanggalingan na daw po yan at iiwan nila. Kaya ako po ay nakikiusap sa inyo para maganda ang ating pagsasalo kung maaari po kagalang-galang na namamahala nito. Iwanan na ninyo yung aming lugar. Maraming salamat.

**Engr. Ronald Calinaw:** Magandang umaga po. Ma'am regarding po doon sa ugong ang nakikita po namin ito ay procedural po kapag dumidikit po yung barko na kung saan hinahandle po ito ng sangay ng gobyerno ng PPA together with pilotage po, kaya po ang ginawa naming on that side napag usapan din po ito sa isa sa mga pag pupulong na kung saan lalo na po yung sa gabi so kaya kung mapapansin niyo po wala na pong dumidikit at umaalis po ng gabi, lahat po sila puro umaga to avoid po yung ganung procedure at kung ano pa po ang pwde naming mairekomenda sa pilotage po kasi yun po ang nakakasakop para doon sa proseso pag dinidikit ang barko pwede naming isangguni sa kanila.

**Mr. Constancio Galve, Jr:** Ang bahay po namin ay halos boundary ng sa Holcim. Ang masasabi ko lang naman ay, ako ay natutuwa naman na nagkaroon ng ganito. Kasi kung ito ay ginawa bago man lang pumasok ang semento sa amin sigurado marereject ito. Pero ang semento ay maganda yan dahil kailangan naman natin yan sa Pilipinas. Ang problema lang kaming naaapektuhan ng pollution at noise yun lang naman ang concern ng tao. Ngayon ay, Siguro ilang years na ba ang Holcim diyan? matagal tagal na simula nung dumating ang Holcim diyan marami talaga ang alikabok at ang nangyayari pag dumukit sa mga wind shield mahirap alisin halos araw araw mag lilinis ka, mamaya maya magpupunas ka. Lumaki ang aming gastos sa mga sabon sa mga paglilinis basta ang epekto

nito may monitary value,  may pera na involve sa katagalan ng panahon. So itong Holcim, may utang ang Holcim sa amin, na nakatira dyan. May utang dapat bigyan kami ng danyos. Magkano ang gastos sa mamaya mayang punas. At yung epekto sa health di ba? So ito dapat pag usapan din ninyo, may epekto din sa amin ito e, sa noise pollution. Yun lang ang masasabi ko. Yung danyos para sa amin.

**Mrs. Imelda Ilagan:** Imelda Ilagan po representing the Federation of Senior Citizen. Ang akin lang pong gustong linawain at I would like po na ipaalam sa kapulungan na ito pwede po ninyo ako icorrect ano po. The very purpose po of public hearing is for amendment of ECC or Environment Compliance Certificate ano po, baka nga po ako ay nagkamali the ECC ay ibinigay sa Mabini Grinding Mill of 2006 of which the Holcim is only the lessor so ang may ECC po ay ang Mabini Grinding Mills na siyang ginagamit ng Holcim kung hindi din po ako nag kakamali Mabini Grinding and Holcim is different magkaiba pong institusyon pero ang ginagamit ng Holcim was the ECC given to Mabini Grinding Company and ako naman po ay one of the participants din and attendee dito din po sa Sea's Spring then sa barangay hall dugtungan ko din po yung mga pinresent ni konsehal at tsaka po ng aming Pangulo which inacknowledge naman po ng Holcim that the eco hopper is already operating yun pong building and some equipments po ay nandodoon na which is yun po ang pineresent na alternative solution ang akin naman po ay hindi totally closure kundi at least to minimize the dust and yun pong noise, yun din naman po ang common problem ng mga taga Talaga East, the noise at tsaka po ang ingay ang akin lang pong ipinagtataka that was the day after the twin earthquake April 2017 ang grupo po ay pumunta sa Region 4 ng DENR to present po yung aming medyo kaunting complaint and meron po talagang deficiencies ang Holcim which they have to comply, ang tanong ko lang po di po ba  ECC is one of the requirements before permit to operate will be given by LGU which is the chief executive ang tanong pala despite the complaint ng aming gabok and the noise and why still operating? Meron po bang kaukulang ng permit to continue operating and bakit po ngayon piniresent yung ECC for the extended facilities e exsisiting na. Yun lang po. Why late di ba nag ooperate na and yet sabi nga po ni konsehal doon ng Balibaguhan despite na nailagay na still a problem. Marami pong salamat.

**Atty. Aime Rodaje:** Maraming salamat po nay. May comment po ba kayo regarding sa ECC, ah Jolo? Yung concern ni nanay is regarding sa ECC na inisyu sa Mabini Corporation bakit daw ginamit ng Holcim despite the fact na hindi naman sa kanila inisyu?

**Holcim Representative:** Goodmorning po, regarding po sa isyu ng ECC issued in the name of Mabini Grinding Mill Corporation si Holcim Philippines Incorporation po ang may ari ng Mabini Grinding Mill Corporation so sa totoo ho iisa hong kompanya lang itong Holcim at ang Mabini Grinding Mill at ngayon po si Holcim ho ang nag ooperate ho ng Mabini Grinding Mill so sa nakikita po namin wala pong deficiency sa issuance ng ECC, on the isyu po ng ECC kung bakit ngayon lang, ito nga ho kaya po namin sana gustong irectify kaya ho naming pinagdadaanan itong lahat ng ito para po macover siya ng appropriate permits and licenses. Maraming salamat po.

**Atty. Aime Rodaje:** Ah, ang sagot po ni ma'am si Holcim daw po and then si Mabini Corporation ay iisa that's why yung ECC na inisyo sa Mabini Corporation ay pwedeng gamitin ng Holcim Philippines.

**Holcim Representative:** Bale may operating agreement po si Holcim Philippines at si Mabini Grinding Mill, ang mga tao ho sa loob ng Mabini Grinding sila din po ang nasa Holcim Philippines.

**Kagawad Carlos Maramot:** Magandang umaga po sa inyong lahat. Hindi ko na po kayo iisa isahin at madami po. Ako po si Kagawad Carlos Maramot ng Pulong Balibaguhan, ang gusto ko lang pong dugtungan na sabi niyo kanina ay paulit ulit na tanong ang itatanong ko lang po ay tungkol sa gabok ako po ay tatlong taon ng mahigit na nagtatrabaho diyan sa loob kaya inyong aminin na, na hindi mawawala ang gabok diyan sapagkat yun pong back house sumikip na sa kalalagay ng aparato para magawa at mawala ang gabok hanggang ngayon gabok pa din, kaya aminin ninyo na hindi mawawala ang gabok yun lamang po para tayo ay magkasundo na. Aminin na lang ninyo na ang gabok ay hindi mawawala tapos na.

**Barangay Captain Arnel Matuloy:** Ah doon po sa sinabi ng aking kasama, si Kagawad Carlos Maramot. Ang ating kompanya na Holcim ang issuance ng ECC na permit, yun po ay ating kailangan lamang po yun ay ating remedyohan at pagka po naman na hindi naremedyuhan pakiusap na lang po naman doon sa mga taga Holcim sana po ay wag kayong mag operate hanggat hindi muna po naman nagagawan ng remedyo, wag mag ooperate kay ang problema ay nandodoon pa, yun lamang po. Sabi nga po ng Tita Mel. Hindi naman po kami against dahil po unang una nakakatulong, nakakapagbigay ng trabaho pero sana naman mas malaki po ang impact ng pagtulong kesa sa pagsira. Yun lamang po. At may karugtungan po pala ako, ito po ay hindi naman tungkol sa alikabok. Regarding po sa oil spill, sinabi po kanina ng ating presentor na magdevelop ng oil spill team ang pagkaalam ko sa una pa lang hindi po dapat ito madedevelop e, dapat ito ay develop na. Noon pa po dapat meron ng ganito dahil unang una nag aangkla po tayo ng barko so nagooperate na at yun lang po.

**Engr. Alex Garcia:** Actually meron na po kaming may ERT na at may oil spill recovery plan na po. Siguro nagkaroon lang po ng again, ng pag kakaiba dun sa pagkakapresent.

**Mr. Ben Castillo:** Magandang umaga po sa inyong lahat ako ay si dating konsehal ng bayan. Ben Castillo. Tungkol po to sa ECC diyan po siguro nung nakita ko o nabasa ay noong 1997 pa nagkaroon na ng Universal Bolt na ECC. Tanong ko lang po sa nagbibigay ng ECC taga DENR. Yung ibang kompanya katulad ng Universal Bolt naging Lucky Cement yan naman po e dapat naman e pagkaibang kompanya e sana ikonokompromise ang tao tinatanong muna yung huli, kung nabigyan kayo sa universal bolt dapat hanggang sa Holcim na yun ay dapat may kooperasyon ang bawat isa, yung Holcim at yung mga tao para maresolba talaga yang mga gabok na yan, ako naman ay retiro ako ay concern citizen din na talagang maalikabok naman po. At naalala ko yang Holcim ay nagpapadoktor pa, dinodoktor dito ang mga bata at matatanda.Yung bubong e merong mga binigyan ng pagkakataon na malapit na, binigyan ng mga pitong libo, kaya kami ay hindi nakatikim, tulad po noon ang aking bubong ay matanda ng bubong, natulo na yun pati yung alulod. Hindi na ho natulo, bumagsak na ho. Kaya sinasabi ko sa inyo na ating icentralize ang pagtulong. Tama ang sinabi ni konsehal Carlos ng Balibaguhan, gawan niyo ng paraan na walang alikabok. Marami pong salamat.

**Atty. Aime Rodaje:** Noted po lahat ng mga comments, lahat ng mga suggestions niyo. Isasama po namin yan sa review process. May mga tanong pa? Aside po dun sa na iraise na na question na concern baka po meron pa.

**Mr Ben. Castillo:** Ma'am ang akin pong tanong, pakisagot lang po.

**Atty. Aime Rodaje:** Sir ako din po, galing din po ako sa EMB then yung ECC po iniisyu po yan kung sino po yung applicant so dumaan po yan sa review process bago po iisyu doon sa proponent. Pwede

po yan na itransfer sa iba basta po magkaroon sila ng agreement, wala pong pagbabago sa project dapat po ganun, then iaadopt na lang po lahat na mga kondisyon na nandoon sa ECC nung bagong may ari, so possible po yun. Kung meron pong pagbabago idadaan po ulit yun sa process since wala naman pong pagbabago sa bagong operator. So ngayon po kaya sila nag aapply ng panibagong ECC kasi po imomodify po nila i-uupgrade po nila lahat ng mga equipments nila, yun po kaya sila nag aapply sila ngayon ng ECC. Kung kaya ngayon po nandito tayo ngayon para sa Public consultation at mabuti nga po na narinig ang mga concerns niyo importante po yan sa pag approve o pag deny ng ECC.

**Kagawad Demson Maramot:** Napakaganda ng usapan, medyo umiinit. Iisa po ang ating pinagtutulungan alikabok po no, perwisyo sa ating barangay. Ako po ay may itatanong sa pamunuan ng Holcim at tsaka sa lahat po ng bumubuo sa kanila. Ano po ang assurance ninyo sa amin na naririto na magagawan niyo ng paraan lahat ng kanilang reklamo? Ano ang inyong magagawa? Ano ang inyong ipangangako na naman? Sa kanila? Ako po ay hindi na naglilinis ng bahay at hinahayaan ko na lang na ang gabok ay nasa loob at ako ay nasa labas. Tunay po. Tunay po yun. E sanay na din naman e, laki sa hirap kaya sinasabi kong akoy sanay sa gabok, laki sa hirap po ako e ,kaya ang amin pong hinihiling ano po ang inyong pangako katulad po ng sinasabi kanina ni sir, hindi po 100% na matatanggal ang alikabok ano ang matatanggal niyo doon sa 100%? 99? 95? Ano ang inyong maipangangako niyo po sa amin at tsaka sa lahat po ng aming mga kasama dito. Ay sa hindi ko naman po kinakampihan ang Holcim meron pa po tayong isang suliranin kung iyo pong napapansin meron pa po kayong problemang isa sa Golden Bay hindi niyo lang po napapansin kasi nasa harap ninyo ang Holcim. Pag umaalikabok po ang Golden Bay sinasabi ko po sainyo kayo po ang naaapektuhan hindi po kami na taga Balibaguhan kaya,hindi ko po kayo inuudyukan na kayo pumunta sa Golden Bay isa rin po ninyong maging problema ang Golden Bay. Pamunuan ng Holcim ipangako niyo ang dapat niyong gawin sa taga Talaga at Barangay Balibaguhan, yun lang po. Maraming salamat po sa inyong lahat.

**Engr Alex Garcia:** Simple lang ho ang isasagot ko, ang Holcim ho, ang pamunuan ng Holcim ay hindi tumatalikod sa tungkulin at kami ho ay nangangako na mag ooperate na alin sunod po sa stipulation ng ECC na binigay sa amin.

**Kagawad Demson Maramot:** At tsaka sir putulin ko po hindi lang po sa ECC, sa kagustuhan po ng tao.

**Engr Alex Garcia:** Kasi po ito malaking proseso may EIA na may ECC so kapag po ang isang kompanya ay nabigyan na ng ECC dumaan na ito sa pag susuri under EIA na kung saan naisaalang-alang na po ang maaaring maidulot o epekto sa kalidad ng hangin, ng tubig, sa ingay, sa lahat, sa kapakanan ng mamamayan. Hindi po kami mabibigyan ng ECC kung hindi po kami na assess na compliant. Ngayon po kami ay dumudulog muli sa EMB para sa pag amenda ng ECC. Ito ay para pag igtingin pa ang aming kampanya para hindi lang po palakihin ang Holcim Philippines sa Mabini subalit para mas mapabuti ang potential dust sources sa planta hindi lang po dust.noise and air .Yun pong pinakita yun lang po ang resulta nung pag-aaral so nasa EMB na po ngayon kung papano po irereview, kung ano po ang kahihinatnan. Ang Public Hearing po ay isa ding step sa prosesong aming dinadaanan so sana po tayo ay align doon sa understanding na yun. Ang maipapangako po namin is we comply with the stipulation stated on our ECC and once amended again we would abide by this stipulation under the amended ECC makakaasa po kayo dun.

**Engr. Oscar Calangit:** Magandang tanghali po sa inyong lahat, mga taga Barangay Talaga East at Pulong Balibaguhan, at sa management ng Holcim, ay ito pong pangyayaring ito ay siguro ay isa o dalawa o tatlong beses ng nagkakaroon ng hearing palagi lalo na sa ating bulwagan, ngayon ay bakit po nangyayari ito kaya humihiling po kami ng isang preventive measure na dapat gawin ng Holcim, ito pong pabrika ng semento ay hindi lang sa Pilipinas, ito po ay nangyayari sa foreign countries like Belgium siguro po ang Holcim may mga sister company na existing ngayon, bakit hindi iapply ng Holcim ang preventive measures ng ibang bansa at idulog dito sa barangay namin, for example para macontrol ang ating pollution, ang noise pollution. Dahil sa pollution, kaya ako po ay humihiling sa management ng Holcim na yun pong preventive measures na ginagawa nila like Belgium, yun po ay isang bansa na palibot po ng mga kabahayan din ngunit walang reklamo. Bat hindi niyo itry ang preventive measure na yan dito sa Mabini. Salamat po at magandang tanghali po sa inyong lahat.

**Atty. Aime Rodaje:** Noted po kung ano man po ang maging resulta ng EIA study ipapaalam naman po sainyo yun.

**Mrs. Leona Tabuzo**: Ma'am wag niyo pong kalilimutan ang aking kinomplain doon po sa pier.

**Atty. Aime Rodaje:** Noted po yun ma'am, kasama na po yun.

**Barangay Captain Arnel Matuloy:** Tungkol po doon sa sinabi ng ating Plant Manager, akin lang pong gustong balikan, kaya po tayo nandidito ay para po sa kanilang application ng ECC tama po ba? Ito naman po ay iaaddress ko sa issuing agency ng ECC which is the EMB. Kami lang po ay hihiling naman sa mga issuing agency ng ECC na,narinig niyo na po ang aming hinaing sana po'y inyong mabigyan muna ng kasagutan yung mga reklamo bago po ninyo sana bigyan ng permit at yun naman po para sa taga Holcim, para maiwasan na din po yung saka na lang reremedyuhan dahil ang mangyayari kapag kaoperational na, may ECC na kami, saka naman po ang mga reklamo, atin munang icomply ano po at mabalik po ako doon sa taga EMB sana po magampanan nila ang iniatas sa kanila na tungkulin at sana ay iyon ay kanilang pagbabasehan bago ibigay ang ECC ng walang kinikilingan sana po walang bias. Salamat po.

**Atty. Aime Rodaje:** Sir in behalf po ng EMB makakaasa po kayo na gagawin po namin kung ano ang naka mandate po sa amin at yan naman pong mga isyus niyo, ang mga concerns na yan ay kasama po yan sa review process so hindi naman po inaapprove ng EMB yung ECC pag may mga isyu pa po na existing. Inaassure po namin sainyo na requirements na kailangan lahat ng isyus ay masettle muna bago maisyu ang ECC then makikipagcoordinate po sainyo para ipaalam din sainyo kung ano ang mitigating measures na kanilang gagawin para po maiwasan po yung impact.

**Mrs. Annie Garcia:** Good morning po ulit. Follow-up question ko lang po ay iaaddress po sa DENR which is the issuing agency ng permit to operate any planta or company. Ang alam ko po is hindi ba, bago ninyo aprubahan ang company o planta, ma'am di po ba hinihingian niyo sila, ang company ng management plan, just in case na sila ay non-compliance sa kanilang company di po ba? Kung non-compliance po sila, na find out po nila, because last April 2017, technical conference sa CALABARZON siguro naman po may mga kopya ang mga taga Holcim. Meron pong dalawang punto doon na kayo ay non-compliance. Dalawang punto po iyon. Nakita ho na kayo ay nag violate ng sa dust and sa noise di po ba kasi kasama yan sa Environmental Law di po ba? That is RA 9749 so nag violate kayo until now ganun pa din ang problema naming taga Talaga kami lahat ay escape goat e ng problema e kasi ang Talaga East pintuan lang ng planta niyo so kung pintuan lang kami, passage

way lang kami, e d syempre kung halimbawa decision ng ating barangay captain o mga konsehal namin na hindi papasukin ang mga truck na magdedeliver o kukuha ng inyong cement isn't it? Kasi until now e, hindi kayo nag cocomply. I don't know syempre hindi naman tayo gagabukin ngayon. Mga constituent namin sa Talaga kasama na ako doon, dahil habagat at tag-ulan. Pero naman po pag dumating na ang amihana, hilamos kami ng gabok. Totoo po yun, hindi lang ako ang nakakaexperince dahil ang senior citizen medyo mababa na po ang immune system totoo po yan. Every month nasa doctor ako dahil dyan sa alikabok, kasi allergy po ako sa alikabok. Kaya kahit masama ang pakiramdam ko aattend ako dahil isa ako sa apektado talaga hindi lang po sa noise at tsaka sa gabok. Lalo na po sa noise, Sta. Maria pag dumating na po yung barko na yan na sinasabi ni sister, ay talaga naman po gumising kami ng alas dose ng madaling araw, alas tres, alas kwatro, alas singko. Pag nag whistle na yung barko na yan hindi ka na po makakatulog, e senior citizen kailangan po ang good sleep for the health yun lang po talaga. Kasi nagtataka nga ako, binigyan na po kayo ng DENR-CALABARZON ng 2 violations e hanggang ngayon nag ooperate pa din, di po ba? Kaya tama naman po ang suggestion ng aming barangay captain si kagalang galang na Konsehal Arnel Matuloy na kung merong violation pastopin ang operation para naman kami makatulog ng husto at tsaka ang health naming ay talaganga delikado. Yun lang po.

**Resident:** Magandang hapon po. Ito po ay tungkol sa sinasabi natin na hindi natin na maiiwasan na pagtira ng Holcim dito sa Mabini ano ho, ito na problema na to ay alam na ninyo, so ako naman po ay nahiling sa inyo kung ito ay matatanggap ng aking mga kasamahan, ito po ay sarili ko lamang na opinion, Na habang inaayos po ng Holcim ang kanilang application para sa kung ano man yan, ay sana po magkaroon naman ng kahit na regular na check-up ang mga tao sa Talaga at Balibaguhan na naaapektuhan ng gabok na yan. Ibig sabihin may doctor at may gamot dahil kawawa naman po yung mga apektado na walang pampagamot, Hindi tulad sa taga Holcim baka may doctor na libre, may gamot na libre, paano naman po ang mga walang hanapbuhay na apektado ng gabok na yan? Salamat po.

**Atty. Aime Rodaje:** Makikipag coordinate po ang proponent sa inyo kung papano para po mapag usapan pong mabuti ang mga concerns na yan.

**Mr. Remigio Jumagdao:** Magandang tanghali po, ako po si Remigio Jumagdao, Presidente ng Assosasyon ng Mangingisda dito sa Mabini, ang amin lang pong hinihiling ng mga mangigisda. E sinasabi naman ninyo na malinis ang tubig e. Magmula sumipot ang Holcim, dito sa Talaga, nung hindi pa sila nag ooperate pag nag aarya kami ng lambat walang dumi ang lambat, ngayon pag nag aarya kami ngayon na nag ooperate ang Holcim, ang aming lambat ay talaga namang puro semento ang nakapit, kaya yan ang sinasabi naming, sabi nga po ni pangulong Arnel kung sino man ang nagsisinungaling, kung sino ang nagsasalita ng totoo, kami ang nakakasaksi kaya kami ang mag sasalita, kami ang naaapektuhan, pangalawa na ating nirereklamo, ang mangingisda ng Mabini katulad dito sa Talaga East at papuntang Gasang. Ang inyong mga barko naman kung saan-saan kayo naparada, pakiayos lang naman kasi, medyo naapektuhan na po, Hindi natin naayos ang driver natin. Hindi natin alam na ang inyong pinaparadahan, hinuhulugan niyo ng sako, mayroon mga bubog, ang mga isda hinuhulugan yan e di nagrereklamo, ang amin lang pong nirereklamo ay yung lambat sa side niyo, ngayon ang amin lang pong masasabi lahat naman tayo ay nandito para wala ng problema. Sana naman sundin natin ang batas kung saan ang almurahe dun lang naman kayo, yung hindi naman almurahe wag naman tayo diyan. Katulad nitong foreign vessel dalawang araw naka stay put na sa amin inangklahan ang aming bubong na taga Saging, doon nagrereklamo sa akin bakit hindi ko

daw nirereklamo sa inyo, Andito naman si Sir Ronald, sabihin ko na lang agad sa inyo ngayon na may tao diyan na dumadating sa inyo . Limang kahon natangay ng foreign vessel. Umalis ata ito kanina e. Ito po hindi semento bawal po sa amin. kaya ang amin lang po sanang mahihiling kaming mangingisda, pakiayos lang po naman kayo naman diyan ang nakakakita. Kasi ang sabi may sira daw e. E kung may sira meron naman tayong pumpboat pakihila na lang po,kaya kami yun lang ang hinihiling naming. Lubos lubosin na po natin ang batas wag natin labagin, sundin lang po natin. Salamat po.

**Engr. Ronald Calinaw:** So doon po sa mga foreign vessel natin base po doon sa previous na pagpupulong natin kung saan nagkaroon tayo ng agreement, fully implement po yun, in fact po on our part. May demorahe para hindi sila gumalaw sa gabi, yun nga po ang nabanggit ko kanina para maiwasan. Pangalawa po yung pag almorahe. May mga identify area po, in fact ang pag grahe ng mga barko nandoon na lang po sa area na kung saan sa may Bauan at sa may San Juan po yata yun. Ang lumapit naman po sa amin ngayon, ang dumarating, nawawalan naman po ng kita ang galing sa barko pero dahil po sa agreement na napag usapan po ng mangingisda dito so iniwasan po talaga yun, wala pong tumitigil diyan na barko, kung maalala niyo sir, sabi ko nga, open po nasa inyo naman ang number naming na kung saan  para po isure na hindi na magkakaroon ng problema lalo na ang mga lambat  yun po ang sinisigurado natin, dumarating sila ng umaga may liwanag at sa pag dilim iniiwasan po yan. Minimake sure po namin na available na yung  docking namin kapag po didiretso sila para maiwasan ang ganung senaryo, so yun ang sinisigurado namin kaya kung meron po ng binanggit niyo kanina na may barko in fact umalis po siya umagang umaga kaya wala po siyang ano, nakatigil lang po at diredirestso po sila. Even po yung pilotage diniscuss po namin yan na kung saan sila po ang nag kokontrol ng barko kapag aalis ay very familiar po sa mga hinaing ng mga mangingisda so sila din po hindi po nila pinapayagan na magkaroon ng ganung isyu, para po maavoid po natin yun. Yun lang po, maraming salamat po.

**Barangay Captain Arnel Matuloy:** Ito pong irereklamo ko ay taliwas sa ating pinag uusapan natin ngayon, calling the attention of Holcim management na sana po yung inyong mga truck kung hindi makaahon doon sa amin ay pakihila na lang po. Delikado po sa mga bata at mga pasahero, magaling kung talagang may nagtatraffic e pano po kung wala, ay talagang malaking disturbance yun, sa mga taga dito sa amin, sa Talaga East, di bale yung taga Anilao diretso papunta doon, kaming taga Talaga titigil pa kami, magpapasalitan pa kami, pagdating sa taas may kasalubong kaya po ako ay humihiling sa inyo, management pwede po hilahin ng bulldozer o  truck loader pag di lang umitaas yun, ewan ko. Dala dala hanggang taas ihila. Pakisuyo naman po tatlong araw ng nakabara doon. Pakiayos na lang po. Pasensya na po kayo.

**Engr: Ronald Calinaw:** Tama po kayo, unfortunately may isa pong nakabara diyan, subalit datapwat hindi po siya kayang hilahin ng bulldozer sir, isa po yan sa nasubukan na sa ibang area lalo na po kung sa pantay na area mas madali po sana siya, kaya lang po yung mga ginagamit na ano ay lalong bibitaw at mas delikado po,kaya po ang isa po sa ginagawa natin, minimake sure po natin na may mag nagtatraffic po para maavoid po natin ang aksidente, pangalawa po, wala po tayong isasakripisyo na safety, kasi po ang gusto po namin ay maalis po siya na siguarado tayo na walang masasaktan kaya kahit po andito kami nakikipagcommunicate po kami doon sa may-ari ng mga truck kasi po most of the truck hindi po naming macocover kasi meron po diyang pumupunta, pumipick-up lang po, pero on the other side po we continue to communicate with them na kailangan ito po yung mga contingency na ginagawa po natin  ngayon to avoid incident further bukod po doon sa nasira na

truck, iniexpect po nila, nagawa na po siya kagabi kaya lang bumitiw din po hindi po siya kaya ng humila so yung communication ang traffic po ang maresolve po siya ng walang accident po, yun po ang pinakaimportante, Salamat po.

**Bro. Raul Tabuzo:** Magandang umaga po sainyong lahat, mga brothers and sisters, kagalang galang na DENR, kagalang galang na mayor, kagalang galang na aming lingkod barangay captain sa Talaga, at sa lahat, maganda pong umaga. Ako po ay magsasalita paunlakan niyo po ako ng isang ng banal na espirito. Come Holy Spirit Jesus, bilang ako po ay isang lingkod ng simbahan, mahalaga po ang ating buhay, Amen po ba? Mahalaga po ang ating buhay. Ingatan ang ating kalikasan na pinagkaloob sa atin ng banal na espirito na saiya ang nangangalaga ng ating buhay. Ako po ay nagkaroon ng karamdaman, muntik na po akong mamatay ngunit dahil sa banal na espirito ako ay buhay na buhay kaya pagalingin ang bawat isa ng banal na espirito. Mapayapa ang aming pagsama. Kahit hindi po ako taga dito, mahal ko po ang bayang lingkod ng Mabini, ako po ay dayuhan dito kaya, magsama tayo ng maayos at kapayapaan. In Jesus name. Amen

**Kgwd. Carlos Maramot:** Magandang tanghali ho ulit sa inyong lahat, yun pong aking sinabi kanina ay walang kasagutan. Ay iyon po ay dadagdagan ko pa, ako po ay nakikiusap sa may hawak ng mga trucking diyan. Siguro naman po lahat ng driver ay nadaan sa inyo, ako naman po ay nakikiusap na dahan-dahan lamang ho pag dumaan sa Balibaguhan doon po ay may kurbada kung makikita po ninyo pag nadaan e daig pa ang eroplano ay nasa itaas e nasa baba, siguro pag ako makakakita ay baka ang driver po ay hindi makaalis.Kaya naman po ay ako'y nakikiusap muli na sabihan naman ninyo lahat ng truck na dadaan na siguraduhing safe. Sabihin niyo ay dahan dahan lang, hindi naman po sinasabi na wag ng dumaan kasi hindi sa akin ang daan, ang akin lang pong pakiusap sa tulong ang aking mga kasama at sa lahat ng nandito ay baka po masabiha ninyo ng dahan lang naman, at yun nga pong sinabi ko kanina na sabihin niyo ho na ang talagang gabok ay hindi maaalis, yun lamang po. Baka sabihin po ninyo na hindi na makakapasok bukas, nagtatrabaho ka diyan, itong sinasabi ko po ay pawing katotohanan lang. Salamat po.

**Atty. Aime Rodaje:** Tinatapos na po namin ang ating open forum, maraming salamat po sa inyong partisipasyon, napaka active niyo po. At salamat dahil nairaise niyo lahat ng mga concerns niyo at makakaasa po kayo na lahat po ng sinabi niyo ay idodocument po namin, kasama po yan sa pag rereview po, kung maiisyuhan po o hindi, nakadepende po yan. Hindi po naming sinasabi na ang ECC ay maiisyu nakadepende po yan sa resulta ng study. Marami pong dapat iconsider diyan. Para po isum up yung lahat.

**Atty. Aime Rodaje:** Meron naman po tayong review committee na mag rereview po ng lahat ng po resulta, sa lahat po ng study, malalaman po. Yun po. Para po irecap ang lahat ng isyung niraise po ninyo, hindi ko po lahat mababanggit kasi medyo marami nap o e pero yung iba po kasi duplication na ng ibang isyus. So yung unang-una po ay sa alikabok, yan po ang main concern ninyo alikabok at yun pong ingay na galing sa barko at galing din sa planta. Then yung isa pa po sa yung ECC kung sino po talaga ang totoong may-ari ng ECC kung yung Mabini o kaya yung Holcim so naaddress naman po ng proponent, naexlplain naman po namin. And meron din pong naraise na isyu regading doon sa complaint na naifile doon sa EMB region 4A so makikipagcoordinate po kami sa Region 4A kung ano na po ang status ng complaint kung nagkaroon sila ng justification, aalamin po namin. Meron din pong isyu about sa oil spill, inaddress naman po ng proponent yung mga preventive measures na gagawin nila para po maiwasan o kung hindi man po maiwasan is mamitigate. And then yung

suggestion po ni sir na regarding sa truck na andun lang po steady na pwede namn po hilahin para hindi makasagabal at makacause ng accident po sa atin.

**Mr. Constancio Galve, Jr:** Wag niyo pong kalimutan ang suggestion ko, yung pagbigay ng damages.

**Atty. Aime Rodaje:** And yun po,noted po ang suggestion niyo po regarding sa damages.Pag transfer daw po maingay, kasi hindi maayos ang pagtransfer. And yung suggestion din po tungkol sa data na present. Isa din po so knalarify po ni sir yan kung above the standard na po siya o within standard. Yun lamang po.

**Mrs. Imelda Ilagan:** Muli po ako ay tumatayo sa inyo, in behalf po Talaga East, gusto ko lang pong ipaabot sa Holcim, ang amin pong pasasalamat, this is in relation with the request of ex barangay councilor Elmer Lorialle regarding the medical mission, ang medical mission po na ginanap somewhere Aprilnsa Talaga East was courtesy of Holcim, ako po, kami po with representative from Barangay Talaga East kami po ay kinonsult ng Holcim for their development, parang outreach program for us, yun po ay actually, ako po ay magsasabi ng totoo, hindi po namin pinalagay ang Holcim because alam niyo na po babato po yun sa amin na we are makaHolcim na pumapayag na kami sa kung ano ang estado ng Holcim at yun naman po ay nakarecord na kami ay nanatili sa stand na prevent dust and noise, yun lang naman po di ba sir? and inaccept po namin yung kanilang inoffer medical mission, yun pong ating MRF doon, kalaykay and pala yun po'y galing sa Holcim, hindi na po naming pinalagyan ng courtesy of Holcim baka po kami ay iyong pagbintangan na kami ay nabibili ng Holcim pero ang Holcim ay very considerate na hindi pangalandakan, anyway nga naman what has been done ay hindi na naman kailangan sabihin pero marami pa pong project ang Holcim na iooffer not only po sa Talaga East but even Balibaguhan only yan po ay nakabudget ano po. Kasi po, sabi ko nga po nandiyan na ang problema, e kung tayo ay tatanggi pa di lalo tayong namatay e kung magkasakit o di at least bigyan ng kaunting tulong sa gamot but that doesnt mean na yes na yes sa Holcim ano po, so that will be a point from us in favor of Holcim.

**Atty. Aime Rodaje:** Meron po ditong additional questions o suggestions para po kay Sir Alex.

**Mr. Roel Matuloy:** Sir Alex magandang tangahali ho, ang napansin lang namin ho, everytime nandun kami sa tabi ng dagat e, ang depekto talagang napakalaki hanggang sa umalis ang huling barko ninyo, yung Ocean Marvel sira yung isang hopper ninyo, apos yun pong landing tower niyo sa itaas, ay doon lalabas ang napakaraming alikabok so pakinote naman po doon sa defective equipnment ng Holcim Philippines, Salamat po.

**Atty. Aime Rodaje:** Maraming salamat po ulit sa inyong pakikinig salamat po sa inyong mga concerns and suggestions. Ibinigay ko na po ang floor sa aking kasama, si Carl para po sa additional comments o instruction po sa inyo. Thank you.

**Carl Louie Santiago:** Maraming salamat po Atty. Aime. Ako po gusto ko magpasalamat sa napakagandang participation po ng stakeholders natin for today. Bago po natin iend ang today ay activity may mga kunting clarification o anunsyo po muna sa DENR-Environmental Management Bureau so kung papano po yung way forward natin sa mga susunod po namin na activity. So tatalakayin po namin yan shortly before we end our today's activity. So for that tinatawagan ko po si Engr. Jolo Aragoncillo para po to clarify some matters with our process.

